Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagbabahagi ng Sariling Reaksiyon**

**I. PANUTO:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang T sa patlang bago ang bilang kung tama ang sagot, at isulat naman ang M kung mali.

_____1. Ang pagbibigay ng reaksiyon ay magandang maisagawa kahit walang masusing pag-aanalisa sa impormasyong nakalap.

_____2. Hindi mahalaga ang pagsangguni sa iba sa pagbibigay ng pananaw sa isang usapin.

_____3. Ang pamamaraan sa pangangalap ng impormasyon ay dapat ding ibatay sa batis ng impormasyon.

_____4. Mainam na magbigay ng reaksiyon sa impormasyon na nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam kaysa datos na nakalap sa pamamagitan ng pagbabasa.

_____5. Ang brainstorming ay nangangailangan ng partisipasyon ng higit sa isang indibidwal upang makapagpalitan ng opinyon hinggil sa isang napapanahong usapin.

**II. PANUTO:** Gamit ang Mind Map (isang uri ng gawaing pang-brainstorming) na matatagpuan sa ibaba, mangyaring punan ng angkop na mga salita ang bawat blangkong bahagi. Ang mga salitang direktang itinuturo mula sa pandemya ay may kaugnayan sa larangan na naapektuhan nito. Sa kabilang dako, ang mga salitang itinuturo mula sa bawat apektadong larangan ay mga salitang karaniwang pumapasok sa ating isipan upang ilarawan ang nasabing larangan na naapektuhan ng pandemya.

